State of Hawaii
Department of Labor and Industrial Relations
Unemployment Insurance Division

# Mga Tagubilin sa Pagkumpleto ng Form ETA 83, Lingguhang Paghiling ng Tulong

Upang humiling ng mga benepisyo ng Tulong sa Kawalan ng Trabaho dahil sa Sakuna (Disaster Unemployment Assistance o DUA), kailangan mong kumpletuhin ang Form ETA 83, Lingguhang Paghingi ng Tulong. Makipag-ugnayan sa iyong lokal na tanggapan ng mga paghahabol (claim) kung kailangan mo ng mga karagdagang form o may anumang katanungan tungkol sa iyong paghahabol.

**Upang maiwasang maantala o tanggihan ang pagbabayad, mangyaring basahin nang mabuti ang sumusunod na mga tagubilin bago kumpletuhin ang iyong form.**

**LINGGO NA NAGHAHABOL.** Ilagay ang mga petsa para sa isang pitong araw na linggo na nagsisimula ng Linggo at nagtatapos ng Sabado. Maghahabol ka ng mga benepisyo para sa linggong katatapos lang.

**PANGALAN NG APLIKANTE.** Isulat ang iyong buong pangalan.

**SOCIAL SECURITY NUMBER.** Ilagay ang iyong buong social security number.

**ADDRESS.** Ilagay ang iyong kompletong mailing address.

**BAGONG ADDRESS.** I-check ang box ba ito kung nagbago ang iyong address mula noong huli kang naghain ng paghahabol o nag-apply para sa mga benepisyo.

**STREET ADDRESS.** Ilagay ang iyong street address kung iba sa iyong mailing address.

**NUMERO NG TELEPONO**. Ilagay ang numero ng iyong telepono. **ALTERNATIBONG NUMERO.** Ilagay ang iyong cellular number o anumang iba pang numero na maaari kang makontak.

**A. KAHILINGAN NG APLIKANTE.** Sagutin ng "Oo" o "Hindi" ang bawat tanong. Maaantala ang pagpoproseso ng iyong paghahabol kung hindi sasagutin ang bawat tanong.

Item #1a — Kung sumagot ka ng "Oo", ilagay ang kabuoang oras na nagtrabaho ka araw-araw.

Item #1b — Ilagay ang kabuoang kita para sa linggo.

Kung nagtatrabaho ka para sa isang tao, iulat sa #7 sa likurang bahagi sa ilalim ng 'Mga Komento at Paliwanag ng Claimant', ang iyong employer, kung kailan ka nagsimula, kung nagtatrabaho ka ng part-time o full-time, at kung ikaw ay nagtatrabaho pa rin. Iulat ang anumang kabuoang kita para sa trabahong ginawa sa loob ng linggo, kahit na hindi ka pa nababayaran.

Kung ikaw ay self-employed, ilagay ang iyong kabuoang kita na natanggap sa loob ng linggo, nagtrabaho ka man o hindi.

Item #1c — Dapat kumpletuhin ng mga indibidwal na self-employed ang seksiyong ito.

Item #2a – f — Kung sumagot ka ng "Oo", ilagay ang halaga ng bawat pagbabayad at ang panahon na sakop sa ibinigay na espasyo.

Items #3 – 4 — Kung sumagot ka ng "Hindi", ipaliwanag sa item #7 sa likurang bahagi sa ilalim ng 'Mga Komento at Paliwanag ng Claimant'.

Item #5 — Kung sumagot ka ng "OO", ipaliwanag sa item #7 sa likurang bahagi sa ilalim ng 'Mga Komento at Paliwanag ng Claimant'.

Item #6 — Kung sumagot ka ng "OO", ipaliwanag ang mga resulta ng tawag sa item #7 sa likurang bahagi sa ilalim ng 'Mga Komento at Paliwanag ng Claimant'. Kung sumagot ka ng "HINDI", ipaliwanag sa item #7 kung bakit hindi ka tumawag.

Item #7 — Ilagay ang iyong paliwanag para sa item #3, 4, 5, at 6. Gayundin, humiling ng karagdagang lingguhang mga form sa espasyong ito.

**B. SERTIPIKASYON NG APLIKANTE.** Basahin ang sertipikasyon. Lagdaan ang iyong pangalan at ilagay ang petsa kung kailan mo kinukumpleto ang form.

**C. PAGPAPASIYA NG AHENSIYA NG ESTADO.** Iwanang blangko. Kukumpletuhin ng lokal na tanggapan ang seksiyong ito kung ang iyong mga benepisyo sa DUA ay nabawasan, tinanggihan, o winakasan.

**HULING ARAW NG PAGHAHAIN NG PAGHAHABOL**
Ang iyong paghahabol ay dapat na malagyan ng tatak ng koreo o matanggap ng tanggapan sa loob ng pitong (7) araw mula sa petsa ng PAGTATAPOS NG LINGGO NG PAGHAHABOL. Halimbawa, kung naghain ka ng paghahabol para sa linggong magtatapos sa Agosto 19, 2023, dapat na malagyan ng tatak ng koreo o matanggap ang iyong paghahabol nang hindi lalampas sa Agosto 26. Gayunpaman, maaari pa ring tanggapin ang paghahabol pagkatapos ng 7 araw mula sa petsa ng pagtatapos ng linggo sa itaas (Agosto 19) kung makakapagpakita ka ng mabuting dahilan para sa nahuling paghahain.

**PAGTIGIL SA PAGHAHAIN**
Kung hindi ka maghain ng 2 o higit pang magkakasunod na linggo dahil sa trabaho o iba pang dahilan, personal na mag-ulat sa pinakamalapit na tanggapan ng seguro sa kawalan ng trabaho o tawagan ang iyong lokal na tanggapan upang muling i-activate ang iyong paghahabol bago ang iyong mail o magsumite ng mga form na "Lingguhang Paghiling ng Tulong".


Ipinagpatuloy sa Likod.

**PAG-ALIS SA ISLA O ESTADO**
Kung lumipat ka sa ibang isla o sa labas ng Estado, mag-ulat sa pinakamalapit na tanggapan ng kawalan ng trabaho sa isla o Estadong iyon upang ihain ang iyong lingguhang mga paghahabol sa DUA.

**PAGHAHAIN SA PANAHON NG PROSESO NG APELA**
Kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyong ito, maaari kang humiling ng Muling Pagsasaalang-alang o maghain ng Apela. Ang iyong apela o kahilingan para sa muling pagsasaalang-alang ay dapat na nakasulat at inihain nang personal o sa pamamagitan ng koreo. Kung humiling ka ng Muling Pagsasaalang-alang, dapat mong isumite ang kahilingan sa loob ng sampung (10) araw pagkatapos ng petsa na naipadala ang abisong ito. Kung naghain ka ng apela, dapat isumite ang apela sa loob ng animnapung (60) araw mula sa petsa na naipadala o naibigay ang abisong ito. Maaari kang mag-ulat nang personal o ipadala ang iyong kahilingan para sa Muling Pagsasaalang-alang o Apela kasama ang isang kopya ng desisyong ito sa isa sa mga tanggapang ito:

MAUI CLAIMS OFFICE
54 SOUTH HIGH ST., RM 201
WAILUKU, HI 96793-2198

EMPLOYMENT SECURITY APPEALS REFEREES' OFFICE (ESARO)
830 PUNCHBOWL ST., ROOM 429
HONOLULU, HI 96813

Kung humiling ka ng muling pagsasaalang-alang, apela, muling pagbubukas sa Tanggapan ng Apela, o apela sa mga korte, dapat mong ipagpatuloy ang paghahain ng iyong mga form na "Lingguhang Paghiling ng Tulong" sa isang napapanahong batayan habang nakabinbin ang resulta ng iyong apela, kung ikaw ay wala pa ring trabaho. Kung ang isang desisyon ay ginawa pabor sa iyo ngunit nabigo kang maghain o naghain ka ng hindi napapanahong mga paghahabol, maaari kang tanggihan ng mga benepisyo para sa hindi napapanahong paghahain ng mga paghahabol kahit na manalo ka sa iyong apela o kaso.

**PAGSUSUMITE SA IYONG MGA PAGHAHABOL.** Kung mas gusto mong personal na ihatid kaysa ipadala ang iyong mga paghahabol, maaari mong ihulog ang mga ito sa "DROP BOX" na ibinigay ng tanggapan nang hindi inilalakip ang mga ito sa isang sobre. Kung hindi, kung ipapadala mo sa koreo ang iyong mga form ng paghahabol, dapat mong ilakip ang mga ito sa isang sobre na may tamang halaga ng selyo sa unang klase. Walang koreo ang tatanggapin nang walang sapat na selyo.

IPADALA ANG MGA PAGHAHABOL SA:

MAUI CLAIMS OFFICE
54 SOUTH HIGH ST., RM 201
WAILUKU, HI 96793-2198